

# Seksyon 1557: Pagtiyak na May Sapat na Access ang Mga Indibidwal na Hindi Bihasa sa Wikang Ingles

---

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon para sa mga karapatang sibil ng Affordable Care Act of 2010 (Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010). Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng bayad mula sa Medicaid; Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa mga naturang Marketplace; at anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS.

## Mga Proteksyon para sa Mga Indibidwal na Hindi Bihasa sa Wikang Ingles

- Alinsunod sa mga kasalukuyang prinsipyo ng mga batas sa mga karapatang sibil, malinaw na nakasaad sa huling panuntunan na dahil sa pagbabawal ng diskriminasyon batay sa pinagmulang bansa, inaatasan ang mga sinasaklaw na entity na magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ng sapat na access ang bawat indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles na kwalipikadong pagserbisyuhan ng mga ito, o na may malaking tsansang makaugnayan sa mga programa at aktibidad na pangkalusugan ng mga naturang entity.
  - o Ang indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles ay isang taong hindi Ingles ang pangunahing wika para sa komunikasyon, at may limitadong kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat, pagsasalita o pag-unawa ng wikang Ingles.
  - o Maaaring mapabilang sa mga makatuwirang hakbang ang pagbibigay ng mga serbisyo para sa tulong sa wika, gaya ng tulong sa pasalitang wika o pasulat na pagsasalin.
  - o Ang mga pamantayan sa huling panuntunan ay naiaangkop at partikular sa konteksto, isinasaalang-alang nito ang mga salik gaya ng uri at kahalagahan ng programang pangkalusugan at pinag-uusapang komunikasyon, gayundin ang iba pang mga bagay gaya ng pagkakaroon o pagpapatupad ng entity ng isang epektibong plano sa pag-access ng wika.
- Ang mga sinasaklaw na entity ay inaatasan magpaskil ng isang abiso tungkol sa mga karapatan ng mga indibidwal, kung saan makakakita ng impormasyon tungkol sa tulong sa komunikasyon para sa mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles, bukod sa iba pang impormasyon.
- Inaatasan ang mga sinasaklaw na entity sa bawat estado na magpaskil ng mga tagline na nakasulat sa 15 wika na pinakaginagamit ng mga indibidwal na hindi bihasa sa wikang Ingles, kung saan makikita ang availability ng tulong sa wika.
- Pinagbabawalan ang mga sinasaklaw na entity na gumamit ng mga malayuang serbisyo sa pagsasalin gaya ng video na mababa ang kalidad, o ang paggamit ng mga hindi kwalipikadong tauhan o tagapagsalin kapag nagbibigay ng mga serbisyo para sa tulong sa wika.
- Hinihikayat ang mga sinasaklaw na entity na gumawa at magpatupad ng isang plano sa pag-access ng wika upang matiyak na handa silang magsagawa ng mga makatuwirang hakbang upang mabigyan ng sapat na access ang bawat indibidwal na maaaring mangailangan ng tulong.

Isinalin ng OCR ang isang halimbawa ng abiso laban sa diskriminasyon at ang mga tagline na gagamitin ng mga sinasaklaw na entity sa 64 na wika. Upang makakuha ng mga nakasalang materyales, bisitahin ang <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557/translated-resources/index.html>.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, bisitahin ang <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557>.